
# Mga Aktibidad sa

## *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*

***Para sa home evening o pag-aaral ng mga banal na kasulatan—o para lang sa paglilibang!***



Agosto 26–Setyembre 1

### Matitibay na Pundasyon

**PARA SA HELAMAN 1–6**

Itinuro ni Helaman sa kanyang mga anak na isalig ang kanilang buhay sa matibay na pundasyon ni Jesucristo (tingnan sa Helaman 5:12). Ang pundasyon ay ang pinagsasaligan ng isang bagay. Ang matibay na pundasyon ay nagpapalakas sa buong gusali, kahit sa mga unos. Magtayo ng dalawang tore—isa sa matibay na pundasyon at isa sa mahinang pundasyon. Aling tore ang mas matibay? Paano natin maitatatag ang ating buhay kay Jesucristo?

**Para sa mas maliliit na bata:** Tulungan ang inyong mga musmos na makahanap ng isang bagay na sa palagay nila ay talagang matibay. Ano ang natuklasan nila? Ituro na maaari tayong maging matibay kay Jesucristo.

Setyembre 2–8

### Patotoo kay Cristo

**PARA SA HELAMAN 7–12**

Maraming tao sa mga banal na kasulatan ang nagturo at nagpatotoo tungkol kay Jesucristo (tingnan sa Helaman 8:16–20). Maaari mo ring simulang patatagin ang iyong patotoo tungkol sa Kanya! Ang patotoo ay isang bagay na pinaniniwalaan o alam mong totoo tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Isulat ang iyong patotoo at magpraktis na ibahagi ito sa iyong pamilya o mga kaibigan.

**Para sa mas maliliit na bata:** Itanong sa inyong mga musmos kung ano ang gustung-gusto nila tungkol kay Jesucristo. Pagkatapos ay ibahagi sa kanila ang iyong patotoo tungkol sa Tagapagligtas.





Setyembre 9–15

### Si Samuel na Umaakyat sa Pader

**PARA SA HELAMAN 13–16**

Si Samuel ay isang propetang nagturo tungkol kay Jesucristo mula sa ibabaw ng isang pader sa lungsod (tingnan sa Helaman 13:4). Magpunta sa pahina 12 at gawin ang craft para matulungan kang isalaysay ang kuwento ni Samuel.

**Para sa mas maliliit na bata:** Hawakan ang inyong mga musmos habang nakatayo sila sa isang silya at nagbabahagi ng alam nila tungkol kay Jesucristo, tulad ng ginawa ni Samuel.

MGA LARAWANG-GUHIT NI KATY DOCKRILL

Setyembre 16–22

### Game o Laro Tungkol sa Pagtitipon

**PARA SA 3 NEPHI 1–7**

Ipinangako ni Jesucristo na titipunin Niya ang lahat ng mga anak Niya dahil mahal Niya ang lahat at nais Niyang mapasakanila ang ebanghelyo (tingnan sa 3 Nephi 5:24). Maglaro ng isang game tungkol sa pagtitipon. Patayuin nang pabilog ang mga player. Isang taong nasa gitna ang magsasabi ng isang katotohanan tungkol sa kanyang sarili, tulad ng paborito niyang kulay. Kung totoo iyan para sa iba pa, pupunta rin sila sa gitna. Magpatuloy hanggang sa matipon ang lahat sa gitna.

**Para sa mas maliliit na bata:** Maglaro kayo ng inyong mga musmos ng tagu-taguan. Yakapin sila nang mahigpit kapag nahanap mo sila. Pag-usapan kung paano nangangako si Jesucristo na titipunin Niya tayo saanman tayo naroon.





Setyembre 23–29

### Si Jesucristo ang Ilaw

**PARA SA 3 NEPHI 8–11**

Si Jesucristo "ang ilaw at ang buhay ng sanlibutan" (3 Nephi 9:18). Panoorin ang pagsikat o paglubog ng araw kasama ang inyong pamilya. Pagkatapos ay idrowing ang nakita ninyo. Habang nagdodrowing kayo, pag-usapan ang mga dahilan kung bakit mahal ninyo si Jesucristo at kung paano Niya kayo binibigyan ng liwanag.

**Para sa mas maliliit na bata:** Lumabas at tumingin sa iba't ibang liwanag, tulad ng araw, ng mga bituin, o ng buwan. Itanong sa inyong mga musmos kung ano ang ipinadarama sa kanila ng liwanag. Pag-usapan kung paano naging ilaw natin si Jesucristo.